http://www.thepoc.net:80/thepoc-features/pinoy-lgbt/pinoy-lgbt-features/8785-libay-linsangan-cantor.html Go
1 capture
10 Aug 2010
JUL AUG SEP
2009 10 2010 2011
About this capture



# Modernong lesbiyana: are you ready ka na ba?

Monday, 19 July 2010 11:43 AM | Libay Linsangan Cantor



control other1 forpoc

Kung titignan natin ang ilang mga usapin sa mainstream media, tila naroon pa rin ang pagtataka sa existence ng "modernong lesbiyana" sa lipunang Pilipino, pagtatakang mula sa manonood at sa mga media gatekeepers mismo. Ang ibig kong sabihin sa moderno ay ang mga babaeng nagmamahal ng kapwa babae na di na tali sa mga sinaunang isteryotipong pananaw tungkol sa mga lesbiyana – na mga babaeng mukhang lalaki, nagtatago sa kloseta at sa kalauna'y sa lalaki rin pumapatol. Ang mga modernong lesbiyanang nakikita ko sa lipunan ngayon ay iyong mga walang takot at laking tapang na inilalahad ang tunay nilang pagkatao sa lipunan – at minamahal sila ng mga tao sa paligid nila dahil dito. Mas marami na tayong nakikitang mga lesbiyanang ganito, at kadalasa'y di na rin malaking isyu sa mga heterosexual na nakapaligid sa kanila ang pagiging lesbiyana nila. Pero iyan ang sa larangan ng mga manonood.

Iba pa rin minsan kung titignan mo sa kabilang larangan – sa media gatekeepers. Isang beses na nakasakay ako ng pampublikong transportasyon, narinig ko ang huntahan ng dalawang heterosexual na DJs tungkol sa mga lesbiyanang "sobrang ganda," 'ika nila. Sabi ng lalaking DJ, marami siyang kaibigang lalaki na nakikipagkaibigan sa mga lesbiyana dahil ang mga lesbiyana daw ang maraming kilalang magagandang babae, mapa-kapwa lesbiyana man o straight na babae. Sabi ng babaeng DJ, maraming lesbiyana ang maituturing na "hot and sexy" kaya nag-iiba na raw ang tingin ng mga kaibigan niya sa mga lesbiyana; ibig sabihin, di na raw sila "natatakot" sa mga ito dahil kakaunti na lang daw ang nakikita nilang mga "sobrang tigas na mukhang lalaking" lesbiyana daw. Kahit ang mga lesbiyanang butch na pormang lalaki ay kyut sa paningin nila. Sa ganito lang umikot ang usapan hanggang makababa ako ng sasakyan.

Kahit papaano'y natuwa ako sa huntahang ito sa radyo. Tila nagkakaroon na nga yata ng pagbabago sa pananaw ang mga "ordinaryong" heterosexual na tao tungkol sa mga lesbiyana. Sana lang ay mas nakikita pa natin ito sa media. Puwede naman, kung tutuusin, pero depende pa rin sa ugali ng gatekeeper na kakaharapin mo.

Nang muli akong imbitahin bilang creative concept brainstormer sa isang TV network nitong early 2000s, natuwa ako dahil tila malaki na ang pinagkaiba ng attitude ng mga tao doon tungkol sa LGBTs. Ang brainstormer kasi ay mga writer na nagtitipun-tipon para bumuno ng storylines ng isang pelikula o TV series. Isang batikang scriptwriter ang namuno sa amin noon bilang creative manager, at tuwang-tuwa lang ako sa kanya dahil tuwang-tuwa rin siya sa mga "bagong konseptong" hinahain ko sa kanya. Ang ibig niyang sabihin ng bago ay ang mga lesbian storylines na sinisingit ko sa kuwentong binubuno namin. Naging bukambibig na nga niya ang "Ay, lesbian, sige, bago 'yan, maganda" tuwing magpi-pitch ako ng konsepto. Kahit isa siyang bakla, sa kanya ay bago ang mga lesbian stories na sinisingit ko dahil sa aminado rin siyang di siya masyadong maalam sa larangang ito. At saka halos wala yatang writer na sumapi sa grupo nila na nagsusulat ng ganitong mga positive lesbian portrayals para sa TV o pelikula. Pero siyempre, ito ay early 2000s, noong panahong wala pang positibong mukha ng lesbiyana sa TV – hindi pa out

## PINOY LGBT VIDEOS

Get the Flash Player to see this player.
Disclaimer



## PINOY LGBT RSS

- Why PFLAG Is Proving to Be Just As Useless As HRC When It Comes to...
- Target and Focus on the Family - The Awl
- Atlantans turn out in force to thwart anti-gay rally - Project Q Atlanta
- Cheryl Anderson column: Service brings closeted partner violence out in open - Appleton Post Crescent
- Rash of DC Anti-Gay Attacks Prompts Cops to Ask Public for Clues - EDGE Boston
- Teens arrested in anti-gay crime charged as adults - The Georgia Voice
- Prop 8 Court Victory: A Reproductive Justice Win Too - RH Reality Check (blog)
- At Target, 'we do not have a political or social agenda' - Minnesota Public Radio

si Aiza Seguerranoon. At kahit nagagandahan ang creative manager namin sa mga kuwento namin, ang mamimili pa rin naman ng final storyline ay ang mga bossing sa itaas. Sa kasamaang palad, tila di nila nagustuhan ang anumang positive portrayal sa lesbiyanang inihain namin, kaya nabaril ang mga konsepto. Kasama sa pagbaril nito ang pagkadismaya kong muli sa sistemang ito, kaya marami sa amin ang nag-alisan na lamang doon.

At dahil sa paggawa ng pelikula naman talaga ang aking pinag-aralan at training—at sige na nga, hilig—ay di ako tinantanan ng isang kapwa scriptwriter na kabarkada ko. Lagi niya akong hinihila pabalik sa paggawa at pagsulat ng pelikula dahil, kahit saang larangan ng pagsusulat ako mapunta, alam daw niyang deep down inside, isa akong film scriptwriter at kelangan kong palabasin ito. Oo, madrama siyang tao.

"Ateh, sige na. Gawin na natin ang pelikula mo!" sabi niya isang araw na nagkakape kami.

Inismiran ko siya. "Yaman mo ha. 'Asan ang pera?"

"Tara, isali natin sa Cinemalaya. Malay mo!"

Lalo ko siyang inismiran. Ilang kabarkada na rin namin ang nakasali sa Cinemalaya na iyan, at ilan sa kanila'y di masyadong kasaya-saya ang naging experience dito. "Bakla ka. Alam mo namang 'same mafia, new clothing' lang 'yan, 'no. Sino ba ang mga namimili ng pelikula diyan? Ano ka ba. Wake up and smell the celluloid. Manonood na lang ako ng mga pelikula diyan pero di ako sasali."

Pero dahil sa hopeless and hapless romantic ang BFF kong ito, rah-rah pa rin siya. "Malay mo, iba na this year. Tara! Isali mo na 'yung lesbian script mo. Isasali ko itong script ko. Ano? Sabay taong mag-submit!"

At dahil sa nadala ako sa kakulitan ni bakla, pinatos ko na rin "Hmp. Sige na nga. Pero for the record, ginagawa ko lang ito para pagbigyan ka, at napipilitan lang ako. Claro?"

Oo naman daw. O siya, e di hinabol namin ang deadline, sa talagang huling oras ng huling araw ng pagsumite ng entry, hinabol namin, humihingal pa, sa CCP.

Matapos ang ilang buwan, nakalimutan ko nang sumali ako sa Cinemalaya. Isang email lang ang nakapagpaalala sa akin nito, na nagsasabing pumunta ako sa bahay ni Babaeng Direktor sa itinakda nilang oras at araw, dahil sa ang lesbian script ko ay isa sa mga pinag-iisipan nilang isali sa 30 semi-finalists. Ho-hum. Siyempre natuwa ang mga kabarkada ko, lalo na si BFF, nang sabihin ko sa kanila ito. Pero sa di malamang kadahilanan, hindi ako excited. Pero sige, pumunta pa rin ako.

Pagdating ng aking interview, maganda naman ang simula. Isang batikang baklang direktor ang kasama ni babaeng direktor sa panel na kumausap sa akin. Tuwang-tuwa naman silang dalawa sa akin at sa materyal ko.

"I like this. It's well-written," sabi ni batikang baklang direktor.

Napangiti naman ako. "Wow, thank you, sir." Palakpak-tenga moment.

"Iba kasi 'yung characters. 'Yung lesbians, bago. Di pa ako nakakakita ng ganito," dagdag pa niya. Di ko alam kung ano ang ibig niyang sabihin sa bago, pero ang kasama niya ang sumagot para sa akin.

"Oo nga, di sila 'yung mga nakakatakot na lesbian!" sabi ni babaeng direktor.

Masaya na sana ang huntahan naming tatlo. Tinanong nila kung ako ang magdidirek nito at kung nakapag-direk na ako ng naratibong materyal dati, pati budgeting, lahat. Okay na. Kaya lang, biglang sumingit ang dalawa pang panelista, si Mr. Producer at si Badingwriter. Medyo duda ako sa masamang titig ni Mr. Producer sa akin (o sa aking cleavage), pero dapat pala ay kay Badingwriter ako mas nag-alala, dahil ka-tumbling-tumbling ang mga

pinagtatatanong niya sa akin.

“Bakit ganito yung mga lesbiyana mo? Nagli-live in na agad sila? Tapos may townhouse sila?”

“Um, opo. May mga lesbiyana kasi akong kilalang ganyan, e.”  Tulad ko, sabi ko sa isip ko. May condo nga ako, e. Chos.

“Kasi alam mo sa bakla, malaki ang ano, ‘yung socioeconomic factor ba. Kuwan, ‘yung pera, malaking isyu ‘yan. Alam mo ‘yun? Sa bakla kasi, pera ang isyu lagi. Lalo na kung mag-live in na sila, kung ma-prolong ang relationship, ganun. Nasa pera ang usapan.”

Kahit kanino naman yata, isyu ang pera. Ano ba ang ibig sabihin ng baklang ito? Hm, don’t tell me na nagbabayad ka pa rin ng lalaki para lang may pumatol sa iyo. Kaloka ‘yun, if ever.  “Isa lang po ‘yan sa mga isyu ng lesbian couple diyan. Pero pareho silang yuppie, office workers. Gusto ko pong ipakita ang financial independence ng lesbians.”

“Oo nga. Pero kasi, alam mo, karamihan kasi sa lesbiyana e, parang yung tulad ng mga kapitbahay ko sa V. Luna, mga tumatambay sa may tindahan, nag-iinuman sa kanto ng gin, nag-uusap ng love life, nag-iiyakan tungkol sa babae, mga ganun!”

E pasensiya ka, ang tambayan ng mga lesbiyana kong kakilala ay hindi sa tindahan sa V. Luna! Nasaang dekada ka na ba, atseng? “Iba-iba naman po kasi ang lesbiyana. Hindi po ang mga lesbiyanang iyon ang gusto kong gawan ng pelikula. Ang gusto ko pong gawan ng pelikula ay ang mga lesbiyanang kakilala ko at alam ko – mga lesbiyanang katulad ko po. Mga nagli-live in, nagtatrabaho sa opisina, at middle class.”

Pero mapilit si bakla. “Kaya lang, hindi yan ang karamihan sa mga lesbiyana.”

Hm, saan kaya niya nakuha ang statistics niya, sa Census office? Sige, magpapakabait na lang ako dahil mukhang naiwan sa dekada ‘70 ang kalakaran ng baklang ito sa pag-ibig at pamumuhay-bakla. “Regardless po. Ang pelikula ko ay isang positive romantic comedy film tungkol sa mga lesbiyanang middle class na hindi mukhang lalaki, nagtatrabaho sa Ortigas at nagpa-party sa Makati, at may financial independence… mga lesbiyanag tulad ko po,” sabay flip ng aking long, flowing, shiny, dark brown hair.

kampihan kets forpoc

Pero talagang mapilit si bakla. “Ayaw mong baguhin?”

Sinusugan pa ni Mr. Producer, na iisa lang ang sinabi sa buong interview ko, at parang galit pa ang tono. “Oo nga. Masyadong romantic!”

Aba, ganda. Ano’ng gusto niya, bigyan ko ng cancer ang lesbianang karakter ko para mamatay sa huli, gawin kong heterosexual at patakbuhin sa lalaki para mabuntis at mag-anak? Ay teka, nagawa na pala iyon. “But that’s the film I want to make, Sirs.”

Kailangan ko pa bang sabihing hindi happy ending ang usapang ito? Kinagabihan, nakatanggap ako agad ng email sa kanila, sinasabing di ako nakasama sa semi-finalist. Naman. Kahit di ako si Madam Auring, alam ko nang doon papunta ang usapang iyon, salamat o walang pasasalamat siguro kay Baklangwriter na tila ang gusto lang niyang makitang mga pelikula ay katulad ng mga sinusulat niya, o kaya’y ang realidad na gusto niyang makita ay ang realidad na alam niya tungkol sa mga lesbiyana. Hm, kailangan ko yata siyang isama at ipakilala sa mga kaibigan ko. Baka tumambling ang mundo niya.

Mula 1999 hanggang 2009 ang dinaanan ng mga kuwento kong ito. Kung ang mga manonood at ang lipunan ay

unti-unti nang nagbubukas ang isipan sa pagtanggap ng mga modernong lesbiyana sa loob ng isang dekada, sana naman ay sumunod na agad ang mga media gatekeepers na ito, para naman mas makita namin—nating—lahat ang mga mas kanais-nais at katuwa-tuwang imahe ng mga lesbiyana sa media. //

*Libay Linsangan Cantor is a Palanca-award winning fictionist and a scriptwriter of children's TV shows. You can email her at leaflens@gmail.comleaflens@gmail.com . She blogs at leaflens.blogspot.com and leaflenspopmedia.wordpress.com.*

Photos by the author, courtesy of leaflens.blogspot.com.

Add this page to your favorite Social Bookmarking websites

Comments

Add New

**Disclaimer:** Comments posted here reflect our readers' views and not the opinion of The Philippine Online Chronicles.

**Write comment**

Name:

Email:

Send

Please input the anti-spam code that you can read in the image.



Content licensed under Creative Commons by-nc-sa-3.0 Philippines
Attribution-Noncommercial-Share Alike 3.0 Philippines